



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Ang Paglalakbay sa Buhay

Ang pahayag tungkol sa paglalakbay sa buhay ng isang tao ay isang pag-gagalugad sa mga katangian na maaaring ipaalam sa kanya tungkol sa kanyang oras at panahon sa mundong ito. Matapos ilikha ng Maykapangyarihan ang tao, itatanong sa kanya kung paano niya ginamit ang panahon nya sa mundo.

Ang mga sistema na pinahahalagahan sa Islam, at ang mga mensahe ng mga Propeta , ay ang pamantayan sa mga tamang kilos, gawa at salita ng tao upang mai-ayos nya ang kanyang pag-uugali, at nang makamit nya ang tunay na kaligayahan sa indibidwal ng antas, sa kanyang pamilya at sa kanyang komunidad. Ang pagtitiis, kapayapaan, pagkikipagkaibigan, pakikipagtulungan, pag-ibig, karapatan ng kapit-bahay, at ang pangangalaga sa kapaligiran ay mahalaga sa buhay ng tao at gagabay ito sa kanya patungo sa kanyang kabutihan at pakikipagkawanggawa.

Ang mga biyaya ng Diyos at ang pagpapahalaga ng kaligayahan ng tao ay batay sa pisikal, intelektwal at cultural na aspeto ng kanyang buhay. Kailangan nating sanayin ang ating mga sarili na magbasa at maging mapang-unawa sa lahat ng oras. Sa pagbabasa at pag-aaral ng aklat ng “Sansinukob” at ng mga pahayag sa banal na aklat ng “Qur’an”, maaari nating magamit ang ating puso at isipan upang maisagawa at maisakatuparan natin ang ating mga responsibilidad sa mundong ito.

Sabi ni Allah: “At nang magsabi ang Iyong Panginoon sa mga anghel; ‘Ako ay maglalagay sa lupa ng Khalifah o tagapangalaga”. Ang mga talatang ito ay katibayan na pinangungunahan tayo (...para lamang sa mga nag-iisip), at inaanyayahan ang mga taong binanggit sa talata sa Quran: (Pinarangalan namin ang mga anak ni Adan ... at binigyan namin sila ng biyaya ng kaalaman at pag-iisip para gamitin sa kanilang paglalakbay sa buhay, ang epekto ng pag-iisip sa mga biyaya na ito ay ang paghahanap sa katotohanan at mga layunin ng banal na karunungan sa paglalakbay ng buhay). Kailangang purihin nating at magpasalamat tayo sa Diyos na Tagapaglikha dahil sa mga pagpapala na binigay Niya sa atin.

Sabi ni Allah: “Kahit na kung nais mong bilangin ang lahat ng mga pagpapala ng Diyos, hindi mo magagawa”. Sa kontekstong ito, mahalagang maunawaan natin na walang pagkakaiba ang mga tao at lahat tayo ay may kauganayan sa bawat isa. Ang tunog ng “Fitra” o ng kalikasan ng tao ay ang namumuno sa katauhan upang magabayan sila sa kanilang paglalakbay sa buhay, at nang mapakinabangan sila ng kapwa nila tao sa isang paraang kaya nilang mapanatili. Sa gayon, matitiyak na ang isang komunidad na makatao ang magpapanatili ng kaligayahan, seguridad at katatagan.



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae